



County of San Diego

HA DANG
AGRIKULTURAL NA KOMISYONER/
TAGASARA NG MGA TIMBANG AT SUKAT

DEPARTAMENTO NG AGRIKULTURA, MGA TIMBANG AT SUKAT
9325 HAZARD WAY, STE. 100, SAN DIEGO, CA 92123-1217
(858) 694-2739
FAX (858) 467-9697
<http://www.sdcawm.org>

MĒGAN MOORE
KATULONG NA AGRIKULTURAL NA
KOMISYONER/
TAGASARA NG MGA TIMBANG AT SUKAT

Pebrero 28, 2022

IMBITASYON - MGA WORKSHOP NG PANUKALA NG MGA BAYAD

Ang Departamento ng Agrikultura, Timbang at Sukat (Department of Agriculture, Weights and Measures o AWM) ng San Diego ay nakatuon sa pagbibigay ng mahahalagang serbisyo na sumusuporta sa kalusugan at kaligtasan ng publiko, naiaakmang suplay ng pagkain, kalakalang pang-agrikultura, kumpiyansa ng mga mamimili, at isang napapanatiling kapaligiran para sa rehiyon ng San Diego.

Alam namin ang mga epekto ng pandemya sa kontroladong negosyo, ngunit para makapagbigay ng dekalidad na serbisyo sa iyo at sa iba pang miyembro ng kontroladong industriya, kailangan ng AWM ang mga mapagkukunan para masuportahan namin ang pagpapatuloy ng iyong negosyo at ang pang-ekonomiyang pagbawi sa rehiyon. Batid din ng AWM ang kagustuhan ng mga kostomer para sa taunang mga pagbabago sa bayad upang payagan ang mga negosyo na magplano para sa mga pagsasaayos ng bayad.

Ang panukalang ito ay nagpapakita rin ng aming pangako sa Lupon ng mga Superbisor (Lupon) na ang pagbawi sa gastos ay isang karaniwang bahagi ng negosyo sa pamamagitan ng pagtiyak ng pagsunod sa Patakaran ng Lupon B-29 - *Mga Bayad, Mga Gawad, Mga Kontrata ng Kita - Responsibilidad ng Departamento para sa Pagbawi ng Gastos*. Ang patakarang ito ay inatasan ang mga departamento na bawiin ang halaga ng mga serbisyo mula sa mga indibidwal o entidad na tumatanggap at nakikinabang mula sa mga serbisyong ibinigay; anumang pagbubukod sa mga ito ay nangangailangan ng pag-apruba ng Lupon. Inihahanay ng panukalang bayad na ito ang mga kinakailangang mapagkukunan sa antas ng kalidad ng serbisyo at kumakatawan sa pagbawi sa gastos bilang isang karaniwang bahagi ng pamamahala sa pananalapi ng AWM.

Ang huling panukala sa pagbawi ng gastos ay inaprubahan ng Lupon noong Mayo 5, 2021 para sa kasalukuyang Piskal na Taon (FY) 2021-22. Ang mga bayarin na iminumungkahi para sa Piskal na Taon 2022-23 ay kinakailangan upang matugunan ang mga pagtaas ng gastos batay sa mga gastos sa pagreretiro at inaasahang napagkasunduang mga kasunduan sa trabaho. Ang mga iminungkahing bayad na nakalista sa pahina 2 ay para sa Piskal na Taon 2022-23 at hindu tinutugunan ang mga pagtaas ng gastos base sa mga napagkasunduang kasunduan sa pagtrabaho, dahil sa tiyempo ng panukalang ito at ang mga negosasyon sa pagtrabaho na kasalukuyang nasa proseso. Sa halip, ang panukala ay sumasalamin sa mga karaniwang pagpapalagay ng County. Ang anumang hindi nabawi na pagtaas ng gastos dahil sa mga naaprubahang negosasyon sa paggawa ay makikita sa mga panukala sa bayad sa hinaharap.

Ang AWM ay nagsumikap upang pigilan ang mga gastos kung saan posible sa pamamagitan ng mga pagpapabuti sa proseso ng negosyo upang mapabuti ang kahusayan, gamitin ang teknolohiya upang isaayos ang mga operasyon, mapabuti ang serbisyo sa kostomer, at dagdagan ang pagsunod. Ang ilan sa mga hakbang sa pagpigil sa gastos ay kinabibilangan ng paggamit ng teknolohiya at pagpapatupad ng mga birtuwal na inspeksyon at paggamit ng mga mobile na pag-inspeksyon. Napigilan din ng AWM ang mga gastos sa pamamagitan ng patuloy na paghahanap ng mga paraan upang maisayos ang mga proseso ng pagpapatakbo sa pamamagitan ng pagsasama-sama ng mga inspeksyon at pagbuo ng karagdagang mga

mapagkukunan sa pagsunod na nagbibigay-daan para sa mas mahusay na pakikipag-ugnayan sa industriya. Bilang karagdagan, inilalapat din namin ang pagpopondo ng County at Estado upang higit pang pagaanin ang mga pagtaas.

Batay sa pagsusuri sa gastos ngayong taon, ang AWM ay nagmumungkahi ng mga pagsasaayos sa 16 na bayad para sa Sertipikasyon sa Pag-eksport (Export Certification), Direktang Pagmemerkado (Direct Marketing), at Pang-industriya na Paglilinang ng Abaka (Industrial Hemp Cultivation), Beripikasyon ng Agrikultura (Verification of Agriculture), at Sertipikasyon ng Abehera (Apiary Certification). Mayroong 17 na mga bayarin na hindi nagbago, kabilang ang mga nauugnay sa Imbentaryo ng Mapanganib na mga Materyal. Sa karaniwan, ang pagtaas ng bayad ay \$2 para sa pangkalahatang pagsasaayos na humigit-kumulang 1.6%.

Ipakita namin sa Lupon ang mga sumusunod na pagsasaayos ng bayad para sa mga programa sa ibaba sa Abril 6 at Abril 27, 2022 para sa pag-apruba na maging epektibo sa Hulyo 1, 2022. Ang mga pagsasaayos ng bayad ay ang mga sumusunod:

Pagbubukod ng Peste – Sertipikasyon sa Pag-eksport	Kasalukuyang Bayad	Bagong Bayad	Pagbabago
Sertipiko sa Internasyonal na Kargamentong Halaman (International Plant Shipment Certificate)	\$101	\$103	\$2
Sertipiko sa Internasyonal na Serbisyo sa Counter (International Counter Service Certificate)	\$78	\$80	\$2
Sertipiko sa Domestikong Halaman na Kargamento	\$43	\$44	\$1
Sertipiko sa Domestikong Serbisyo sa Counter (Domestic Counter Service Certificate)	\$35	\$36	\$1
Bayad sa Lumampas na Appointment (Missed Appointment Fee)	\$70	\$72	\$2
Kabayaran Bawat Oras	\$140	\$143	\$3
Kabayaran Bawat Oras sa Pag-Inspeksyon Lampas sa Oras ng Negosyo (After Hours Inspection Hourly Rate)	\$210	\$214	\$4
Direktang Pagmemerkado (Direct Marketing)			
Sertipiko sa Sertipikadong Merkado ng Magsasaka (Certified Farmers' Market Certificate)	\$190	\$194	\$4
Sertipiko ng Sertipikadong Prodyuser (Certified Producer's Certificate o CP)	\$56	\$57	\$1
Karagdagang Pagpapalista sa County sa CP (Additional County Listing on CP)	\$12	\$12	\$0
Pagbabago o Pagdaragdag ng Sertipiko ng CP (CP's Certificate Change or Addition)	\$12	\$12	\$0
Kabayaran Bawat Oras	\$166	\$169	\$3
Pang-industriya na Paglilinang ng Abaka (Industrial Hemp Cultivation)			
Taunang Bayarin sa Lisensya (Annual License Fee)	\$200	\$206	\$6
Kabayaran Bawat Oras	\$136	\$140	\$4
Beripikasyon ng Agrikultura (Verification of Agriculture)			
Pagproseso ng Aplikasyon (Application Processing)	\$152	\$155	\$3
Kabayaran Bawat Oras	\$104	\$105	\$1
Sertipikasyon ng Abehera (Apiary Certification)			
Kabayaran Bawat Oras	\$140	\$142	\$2

Iniiimbitahan kang dumalo sa isa sa mga workshop sa ibaba upang mabigyan ka namin ng karagdagang impormasyon at masagot ang iyong mga tanong para sa panukalang ito. Ang nilalaman ng mga workshop

na ibinigay ay magiging pareho at dalawang magkaibang petsa na nakalista sa ibaba upang matugunan ang iyong iskedyul.

Kailan:	Martes, Marso 15, 2022
Oras:	alas 4:00 ng hapon – alas 5:00 ng hapon
	Ipasok ang Zoom
Link ng Pulong:	Link https://zoom.us/j/96040683977?pwd=UGZhTS9Hb01ySWE4VnpzQ1Z0MTloQT09
Website:	https://www.sandiegocounty.gov/awm/
Sagot sa Imbitasyon	
(RSVP):	(858) 614-7786 o sdcawm@sdcounty.ca.gov

Kailan:	Huwebes, Marso 17, 2022
Oras:	alas 4:00 ng hapon – alas 5:00 ng hapon
	Ipasok ang Zoom Link
Link ng Pulong:	https://zoom.us/j/99576132253?pwd=WW9PQnpia0FVaGw3VDFFSUNCUWE3QT09
Website:	https://www.sandiegocounty.gov/awm/
Sagot sa Imbitasyon	
(RSVP):	(858) 614-7786 o sdcawm@sdcounty.ca.gov

Ang mga workshop ay birtuwal na gaganapin at ang isang link sa mga pagpupulong na ito ay makukuha sa website ng AWM, <https://www.sandiegocounty.gov/awm/>, kung saan maa-akses mo ang pulong sa mga tinukoy na petsa at oras.

Gayundin, mangyaring tumugon bago ang Marso 7, 2022 sa pamamagitan ng pagpapadala ng elektronikong koreo sa sdcawm@sdcounty.ca.gov o pagtawag sa 858-614-7786 kasama ang petsa/oras na interesado kang dumalo upang matiyak na hindi mo makaligtaan ang mga update na ito.

Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa mga bayarin, mangyaring makipag-ugnayan sa mga sumusunod na miyembro ng kawani ng AWM:

- Pagbubukod ng Peste – Sertipikasyon sa Pag-eksport (Pest Exclusion Export Certification),: Kinatawan Agrikultural na Komisioner (Deputy Agricultural Commissioner) Travis Elder sa pamamagitan ng telepono sa (760) 752-4700 o sa pamamagitan ng elektronikong koreo sa Travis.Elder@sdcounty.ca.gov.
- Direktang Pagmemerkado o Pang-industriya na Paglilintang ng Abaka (Direct Marketing o Industrial Hemp Cultivation): Kinatawan Agrikultural na Komisioner (Deputy Agricultural Commissioner) Jordan Key sa pamamagitan ng telepono sa (858) 614-7784 o sa pamamagitan ng elektronikong koreo sa Jordan.Key@sdcounty.ca.gov.
- Sertipikasyon ng Abehera (Apiary Certification): Kinatawan Agrikultural na Komisioner (Deputy Agricultural Commissioner) Jason Schwartz sa pamamagitan ng telepono sa 858-614-7795 o magpadala ng elektronikong koreo sa Jason.Schwartz@sdcounty.ca.gov

Mga Madalas Itanong

1. Bakit nagmumungkahi ang AWM ng mga pagsasaayos ng bayad kung ang mga negosyong pang-agrikultura ay naapektuhan ng COVID?

Alam namin ang mga epekto ng pandemya sa mga kontroladong negosyo ngunit kailangan naming kumuha ng mga mapagkukunan upang magpatuloy sa pagbibigay ng mga de-kalidad na serbisyo sa iyo at sa iba pang miyembro ng kontroladong industriya upang masuportahan namin ang pagpapatuloy ng iyong negosyo at ang pagbawi ng ekonomiya sa rehiyon. Bilang karagdagan, sinabi ng aming mga kostomer ang kanilang kagustuhan para sa taunang mga update sa bayarin upang payagan silang magplano para sa mga pagsasaayos ng bayad. Ang panukalang ito ay nagpapakita rin ng pangako ng AWM sa Lupon na ang pagbawi sa gastos ay isang karaniwang bahagi ng negosyo upang matiyak ang pagsunod sa Board Policy B-29 *Mga Bayad, Mga Gawad, Mga Kontrata ng Kita - Responsibilidad ng Departamento para sa Pagbawi ng Gastos. (Fees, Grants, Revenue Contracts - Department Responsibility for Cost Recovery)*. Ang patakarang ito ay inaatasan ang mga departamento na bawiin ang halaga ng mga serbisyo mula sa mga indibidwal o entidad na tumatanggap at nakikinabang mula sa mga serbisyong ibinigay; anumang pagbubukod sa mga ito ay nangangailangan ng pag-apruba ng Lupon. Inihahanay ng panukalang bayad na ito ang mga kinakailangang mapagkukunan sa antas ng kalidad ng serbisyo at kumakatawan sa pagbawi sa gastos bilang isang karaniwang bahagi ng pamamahala sa pananalapi ng AWM.

Ang huling panukala sa pagbawi sa gastos na inaprubahan ng Lupon ay noong Mayo 5, 2021 para sa Piskal na Taon 2021-22. Ang mga bayarin na iminungkahing para sa FY 2022-23 ay kinakailangan upang matugunan ang mga pagtaas ng gastos batay sa mga gastos sa pagreretiro, inaasahang napagkasunduang mga kasunduan sa paggawa, at upang matiyak ang pagsunod sa Board Policy B-29. Ang mga iminungkahing bayarin na nakalista sa pahina 2 ay para sa Piskal na Taon 2022-23 at hindi tumutugon sa mga pagtaas ng gastos batay sa mga napagkasunduang kasunduan sa paggawa, dahil sa timing ng panukalang bayad at mga negosasyon sa paggawa, ngunit sa halip, ang panukala ay sumasalamin sa karaniwang mga pagpapalagay ng County. Ang anumang hindi nabawi na pagtaas ng gastos dahilan sa mga naaprubahang negosasyon sa paggawa ay makikita sa mga panukala sa bayad sa hinaharap.

2. Ano ang ginawa ng AWM para pigilan ang mga gastos?

Ang pagsasanay ng pagtutuo sa patuloy na pagpapabuti, pagpapatupad ng mga kahusayan sa pagpapatakbo, at pagbibigay-prioridad sa mga mapagkukunan sa mga pangunahing lugar ay naglagay sa AWM sa posisyon upang tumugon sa mga pangangailangan ng kostomer at mga pagbabago sa regulasyon. Ang AMW ay nakatuon sa patuloy na pagpapabuti at mga kasosyo na may stakeholder upang matukoy ang mga oportunidad at mga lugar para sa pagpapabuti. Nagsusumikap ang AWM na pahusayin ang pagiging epektibo at kahusayan ng programa upang makamit ang mga positibong resulta at isang kolektibong epekto. Mula noong huling panukala sa bayad, pinahusay ng AWM ang kahusayan sa pagpapatakbo sa pamamagitan ng paggamit ng teknolohiya, pagsasaayos ng mga proseso, at paglinya ng pag-uuri ng kawani sa mga aktibidad ng programa. Ang AWM ay nagsikap upang pigilan ang mga gastos kung posible sa pamamagitan ng mga pagpapabuti sa proseso ng negosyo upang mapahusay ang kahusayan at paggamit ng teknolohiya upang isaayos ang mga operasyon, mapabuti ang serbisyo sa kostomer, at palawakin ang pagsunod. Ang ilan sa mga hakbang sa pagpigil sa gastos ay kinabibilangan ng mga birtuwal na inspeksyon at isang app para sa pag-inspeksyon. Pina-saayos din ng AWM ang mga proseso ng pagpapatakbo sa pamamagitan ng pinagsama-samang inspeksyon sa field at bumuo ng karagdagang mga mapagkukunan sa pagsunod para sa mas mahusay na pakikipag-ugnayan sa industriya. Nagresulta ito sa taunang pagtitipid na \$99,458, kung wala ang mga bayarin ay tataas sa karaniwan na karagdagang 7.5%.

3. Paano nabuo ang panukalang bayad?

Ang AWM ay nagsasagawa ng taunang pagsusuri ng mga programa nito kabilang ang pagrepaso sa mga mandato ng estado, mga pagpapatakbo ng programa, mga dalas ng inspeksyon, mga antas ng serbisyo, at pagtaguyod ng pamantayan upang makakuha ng komprehensibong pag-unawa sa kung paano maihahambing ang aming mga bayarin sa mga katulad na ibang mga county. Isinasaalang-alang namin ang mga inaasahang gastos sa programa para sa Piskal na Taon 2022-23, mga pagtitipid sa gastos dahil sa mga kahusayan sa pagpapatakbo, at mga magagamit na mapagkukunan ng pagpopondo ng County at Estado upang pagaanin ang pagtaas ng gastos kung saan naaangkop upang matukoy ang mga iminungkahing pagsasaayos ng bayad. Ang panukalang bayad na ito ay hindi tumutugon sa mga pagtaas ng gastos batay sa mga napagkasunduang kasunduan sa paggawa, dahil sa tiyempo ng panukalang bayad at mga negosasyon sa paggawa, ngunit sa halip, ang panukala ay sumasalamin sa mga karaniwang pagpapalagay na ginawa ng County. Ang mga pagtaas ng gastos dahil sa mga naaprubahang negosasyon sa paggawa ay makikita sa panukalang bayad sa hinaharap. Sinuri ng Auditor at Controller ng County ang sumusuportang dokumentasyon at ang pamamaraan sa panukalang ito upang matiyak ang pagsunod sa mga patakaran ng County.